

Ang brochure na ito ay makakatulong sa iyong matugunan ang mga kinakailangan para makakuha ng karaniwang lisensiya sa pagmamaneho, card ng pagkakilanlan (identification, ID), o permit para sa pag-aaral (instruction permit). May mga kinakailangang karagdagang dokumento para makakuha ng pinaigting na lisensiya sa pagmamaneho (enhanced driver license, EDL) o pinaigting na card ng pagkakakilanlan (enhanced identification card, EID), orihinal na permit para sa mga pangkomersiyong mag-aaral (commercial learners permit, CLP) o pangkomersiyong lisensiya sa pagmamaneho (commercial driver license, CDL). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga kinakailangang ito, bisitahin ang aming website sa [www.dol.wa.gov](http://www.dol.wa.gov)

Kapag pumunta ka sa tanggapan para sa pagbibigay ng lisensiya sa pagmamaneho, kakailanganin mong magpakita ng katibayan ng pagkakakilanlan, at ibigay ang iyong numero ng Panlipunang Seguridad (Social Security number) kung nag-a-apply ka para sa isang lisensiya sa pagmamaneho. Dapat mong ibigay ang kasalukuyan mong address ng residente sa Washington at address ng koreo, kung naiiba ito.

## KATIBAYAN NG PAGKAKAKILANLAN

Para mapatunayan ang pagkakakilanlan, ipakita sa amin ang alinman sa sumusunod:

- Isang pipiliin mula sa Stand-Alone na Listahan ng mga dokumento
- Dalawang dokumento mula sa A-List
- Isang A-List na dokumento at dalawang dokumento mula sa B-List
- Hindi bababa sa apat na B-List na dokumento, kabilang ang:
  - Isang dokumento na dapat tukuyin ang pangalan at petsa ng kapanganakan

## MGA PAMANTAYAN SA PAGTANGGAP NG DOKUMENTO

- Tumatanggap lang kami ng mga orihinal na dokumento o sertipikadong kopya. Ang mga dokumento ay binibigyan ng sertipikasyon ng nag-isyu na awtoridad sa pamamagitan ng orihinal na tatak na embossed o tinta. Ang mga dokumentong nakalista ay maaaring magbago nang walang abiso. Maliban kung iba sa isasaad, valid dapat ang lahat ng dokumento. Hindi valid ang isang dokumento kung ito ay nag-expire na, na-invalidate, ipinawalang-bisa, o nasa isang kundisyon na hindi malinaw ang impormasyon o mga panseguridad na feature

## STAND-ALONE NA LISTAHAN

- Lisensiya sa pagmamaneho, permit sa photo instruction, o ID card na inisyu ng estado o teritoryo ng U.S., valid o nag-expire nang hindi hihigit sa 1 taon
- Packet ng pag-verify sa refugee (Refugee verification packet)
- ID card ng mga serbisyong armado/militar ng U.S. (U.S. armed services/military ID card)
- U.S. B1/B2 Visa Border Crossing card

- Sertipiko ng Pagkamamamayan o Naturalisasyon sa U.S. (U.S. Certificate of Citizenship or Naturalization) (madaling matukoy ang lagda at litrato ng may-hawak)
  - ID ng Pagkamamamayan at Serbisyong Pang-imigrasyon sa U.S. (U.S. Citizenship and Immigration Service ID)
  - Dokumentong Paglalakbay na I-327 na Permit na Bumalik sa U.S. (I-327 U.S. Permit to Re-enter)
  - I-551 na Card ng Permanenteng Residente (I-551 Permanent Resident Card)
  - I-571 na Dokumentong Paglalakbay ng Refugee sa U.S. (I-571 U.S. Refugee Travel Document)
  - I-766 na Awtorisasyon sa Pagkakaroon ng Trabaho (I-766 Employment Authorization)
  - Card ng pasaporte ng U.S.
  - Pasaporte ng U.S. (hindi pang-emergency na pasaporte)
  - Liham ng pag-verify mula sa Kagawaran para sa Mga Bata, Kabataan, at Pamilya sa Estado ng Washington (Washington State Department of Children, Youth, and Families) para sa foster na kabataan

## A-LIST

- Lisensiya sa pagmamaneho, permit sa photo instruction, ID card na inisyu ng estado o teritoryo ng U.S. na nag-expire na nang 1 - 6 na taon
- Sertipiko ng Pagkamamamayan o Naturalisasyon sa U.S. (U.S. Certificate of Citizenship or Naturalization) (kapag hindi madaling matukoy ang lagda at litrato ng may-hawak)
- Pasaporte ng U.S. (libro o card) na nag-expire na nang hindi hihigit sa 1 taon. Hindi tatanggapin ang pang-emergency na pasaporte
- U.S. Visa
- Elektronikong liham ng pag-verify kung sinusubaybayan ka ng isa sa mga ahensiyang ito:

- Departamento ng Mga Pagwawasto ng WA (WA Dept. of Corrections, DOC)
- Pederal na Mga Pagwawasto ng U.S. (U.S. Federal Corrections)
- Administrasyon ng Rehabilitasyon sa Kabataan (Juvenile Rehabilitation Administration, JRA) ng DCYF
- ID badge ng may-sala sa WA DOC
- Card ng pagpapatala ng Indian na tribo (Indian tribal enrollment card) na pederal na kinikilala o ID card ng Kawanihan ng Mga Pakikiugnay sa Indian ng U.S. (U.S. Bureau of Indian Affairs ID card) na may lagda at litrato
- Pasaporte ng dayuhan na may isa sa sumusunod:
  - Valid na entry form I-94/I-94W ng Customs at Proteksiyon sa Border ng U.S. (U.S. Customs and Border Protection, USCBP)
  - Valid na pansamantalang I-551 ADIT stamp
  - Valid na U.S. Visa na may nakasulat na “upon endorsement serves as temporary I-551 evidencing permanent residence for one year” at valid na tatak ng pagpapapasok ng DHS (DHS admission stamp)
  - May I-551 na anotasyon na nag-expire na sa visa, pero wala pang 1 taon magmula sa petsa ng pagpapapasok sa tatak ng pagpapapasok ng DHS

- ID card ng El Salvador
- ID card ng Konsulado ng Guatemala
- Card ng Pagkakakilanlan sa Guatemala
- Matricula Consular ID card ng Honduras
- ID card ng Honduras
- Dokumentong Pambansang ID ng Peru
- Lisensiya ng Pagmamaneho sa Japan
- Matricula Consular ID card ng Mexico
- Pederal na Elektoral na card ng Mexico na inisyu noong 1991 o mas huling taon na may litratong makikilala

## B-LIST

### Mga dokumentong tumutukoy sa pangalan at petsa ng kapanganakan

- Sertipiko ng kapanganakan, U.S. o dayuhan, sertipikado (ang mga sertipiko ng kapanganakan sa Puerto Rico ay dapat may petsa ng pagkakaisyu na Hulyo 1, 2010, o mas huling petsa para matanggap)
- Card ng pagpaparehistro ng kapanganakan, sertipikado
- Konsular na ulat ng kapanganakan sa ibang bansa
- Mga papeles ng pag-aampon na inisyu ng hukuman

- Dekreto ng ward ng hukuman/Utos ng dependency
- Lisensiya sa pagmamaneho, permit sa photo instruction, ID card na inisyu ng estado o teritoryo ng U.S. na nag-expire na nang mahigit 6 na taon
- Mave-verify na pandayuhang lisensiya sa pagmamaneho o ID card, na nag-expire na nang hindi hihigit sa 6 na taon
- Pasaporte ng U.S. (libro o card), na nag-expire na nang mahigit 1 taon
- Pasaporte ng dayuhan, valid o nag-expire na nang hindi hihigit sa 6 na taon
- Permit para sa mga nakatagong armas sa WA
- NEXUS, SENTRI, o FAST Border Crossing Card
- Card ng U.S. Merchant Mariner, valid o nag-expire na nang hindi hihigit sa 6 na taon
- Military DD-214

### Mga dokumentong nagpapakita ng pangalan at petsa ng kapanganakan o lagda o litrato

- Yearbook ng paaralan o kopyang sertipikado ng paaralan
- Transcript o rekord ng paaralan na may petsa ng kapanganakan, dokumento ng biograpikal na data sa paaralan (school biographical data sheet) na may litrato, o form I-20 o DS-2019 para sa mga dayuhang exchange student
- Rekord ng paaralan sa Mexico na may tatak at litrato sa edad kung kailan inisyu
- Liham ng clearance/ADR mula sa DMV ng isa pang estado na inisyu sa loob ng nakalipas na 30 araw
- Lisensiya o sertipiko ng pagpapakasal, na sertipikado ng nag-isyu na awtoridad ng pamahalaan
- Dekreto ng diborsiyo na may pangalan at lagda, sertipikado ng nag-isyu na awtoridad ng pamahalaan
- Card ng Medicare na may pangalan at lagda (Hindi medikal na card ng DSHS)
- Propesyonal na lisensiya (nursing, doktor, inhinyero, atbp.)
- ID card ng Empleyado ng Pulisya na inisyu ng estado, lungsod o county ng WA
- Kredensyal na ID ng manggagawa sa transportasyon (Transportation worker ID credential, TWIC)
- ID card ng Administrasyon sa Beterano (Veteran Administration ID card)
- ID card ng empleyado ng pederal o pang-estadong ahensiya na may lagda at litrato
- Card ng Selektibong Serbisyo (Selective Service card)
- Card ng Panlipunang Seguridad (Social Security card), may lagda

Maaaring matugunan ng mga aplikanteng edad 25 at mas bata ang mga kinakailangan sa ID sa pamamagitan ng pagbibigay ng:

- Magulang o tagapangalaga na may katibayan ng pagkakakilanlan mula sa Stand-Alone na listahan
- Isang dokumento mula sa A-List, o dokumento mula sa B-List na nagtatakda ng pangalan at petsa ng kapanganakan ng aplikante
- Dokumentong ugnayan na nag-uugnay ng magulang o tagapangalaga sa aplikante gaya ng sertipiko ng kapanganakan o mga papeles sa pag-aampon

Sa pamamagitan ng sumusunod, ang mga kinakailangan ay maaaring matugunan ng mga customer na may edad na 18 taon o mas matanda kung kanino may mga itinalagang tagapangalagang panghukuman dahil sa kapansanan sa pag-iisip o katawan:

- Tagapangalagang itinalaga ng hukuman na may katibayan ng pagkakakilanlan mula sa Stand-Alone na listahan
- Dokumentong hukuman na nagtatalaga ng pagiging tagapangalaga
- Isang dokumento mula sa A-List, o dokumento mula sa B-List na nagtatakda ng pangalan at petsa ng kapanganakan ng aplikante

Ang mga customer na naka-enroll sa Job Corps ay makakatugon sa mga kinakailangan sa ID sa pamamagitan ng pagbibigay ng:

- Isang dokumento mula sa A-List, o dokumento mula sa B-List na nagtatakda ng pangalan at petsa ng kapanganakan ng aplikante
- Job Corps ID card ng aplikante

### **NUMERO NG PANLIPUNANG SEGURIDAD (SOCIAL SECURITY NUMBER)**

Dapat mong ibigay ang iyong numero ng Panlipunang Seguridad kapag nag-apply ka para sa lisensiya sa pagmamaneho. Kung hindi ka pa nabibigyan nito, maaari kang lumagda sa isang form ng pahayag kapag bumisita ka sa aming tanggapan.

Ive-verify namin ang iyong numero sa Administrasyon ng Panlipunang Seguridad.

Hindi ito lalabas sa iyong lisensiya sa pagmamaneho. Hindi kami makapag-isyu ng pangkomersiyong lisensiya sa pagmamaneho kung wala kang numero ng Panlipunang Seguridad.

42 USC 405 at 666(a) (13), RCW 26.23.150,

49 CFR 383.153, RCW 46.25.070

### **LITRATO MO**

Dapat ipakita ng bago mong dokumento ng litrato ang buong harap ng iyong mukha. Bago ka namin kunan ng litrato, hihilingin namin sa iyong alisin ang anumang nakakatakip sa mukha o ulo mo (gaya ng sumbrero o sunglasses). Kung tatanggi kang gawin ito, mamarkahan ang lisensiya mo bilang “Hindi Valid para sa Pagkakakilanlan.” May mga papayagang eksepsiyon para sa mga kadahilanang medikal at relihiyoso.

### **MGA PANDAYUHANG DOKUMENTO**

Sisikapin namin ang lahat para isalin ang mga ito. Kung walang bilingual na tauhan, maaari naming hilingin sa iyo na magbigay ng sertipikadong Ingles na pagsasalin na ibinigay ng isang sertipikadong tagapagsalin kasama ang mga orihinal na dokumento. Kabilang sa ilang halimbawa ng sertipikadong tagapagsalin ang mga tagapagsalin na sertipikado ng DSHS, mga tagapagsalin na sertipikado ng Hukuman ng Estado ng Washington, Mga Tagapagsalin ng Pederal na Hukuman, entidad, konsulado o embahada ng dayuhang pamahalaan, atbp. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang aming website sa [www.dol.wa.gov](http://www.dol.wa.gov)

### **PAGSUSURI NG ID**

Kung hindi ka makakapagbigay ng mga dokumento ng pagkakakilanlan gaya ng tinutukoy sa ID brochure na ito, maaari mong hilinging suriin ng departamento ang iba pang available na dokumentasyon para makumpirma ang pagkakakilanlan. Maaaring ipagpaliban ng departamento ang pag-aatas kung sa palagay nito ay malinaw na natutukoy ng iba pang dokumentasyon ang iyong pagkakakilanlan. Abisuhan ang tauhan ng DOL tungkol sa kakulangan mo sa kinakailangang dokumentasyon, at hilinging talakayin ang pagsusuri ng ID bilang opsyon.

### **MGA TEEN**

Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, may pahintulot ng magulang, at nag-a-apply para sa lisensiya sa pagmamaneho, dapat ay nakatapos ka na rin ng aprubadong kursong pang-edukasyon sa kaligtasan sa trapiko. Kami ay padadalhan ng katibayan ng iyong paaralan ng edukasyong pangkaligtasan sa trapiko. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang aming website sa [www.dol.wa.gov](http://www.dol.wa.gov)

### **PAGPAPALIT NG PANGALAN O ADDRESS**

Kung nagbago ang pangalan mo, dapat kang pumunta sa isang tanggapan ng paglilisensiya sa pagmamaneho sa loob ng 10 araw at kumuha ng bagong lisensiya. Dalhin ang kasalukuyan mong lisensiya o ID card at anumang Stand-Alone na dokumento o sertipiko/lisensiya sa pagpapakasal na sertipikado ng nag-isyu na awtoridad ng pamahalaan, utos ng hukuman, dekreto ng diborsiyo, o ebidensiya ng iba pang legal na pagkilos na nagpapalit ng pangalan mo.

Kung nagbago ang address mo, dapat mong i-update ang rekord mo sa loob ng 10 araw. Bisitahin ang website namin

sa [www.dol.wa.gov](http://www.dol.wa.gov) para mag-update online, o bumisita sa isang tanggapan ng paglilisensiya sa pagmamaneho.



### **TOTOONG ID (REAL ID)**

Sumusunod ang Estado ng Washington sa pederal na Batas ng TOTOONG ID (REAL ID Act) sa pamamagitan ng pag-aalok sa mga mamamayan ng U.S. ng Pinaigting na Lisensiya sa Pagmamaneho (Enhanced Driver License, EDL) o Pinaigting na ID card (Enhanced ID card, EID). Hindi lang ito isang dokumentong sumusunod sa REAL ID, isa itong pederal na inaprubahang dokumento sa paglalakbay na alternatibo sa pasaporte para sa pagbalik sa U.S. mula sa lupa at mga daungan sa Canada, Mexico, Bermuda at Caribbean. Nagbibigay ito ng madali at kumbinyenteng dokumento para sa mga residente ng Estado ng Washington na mga mamamayan ng U.S. na tumatawid ng mga border natin sa pamamagitan ng lupa o dagat.

Para ganap na makasunod ang WA sa pederal na REAL ID Act, ang lahat ng karaniwan (hindi pinaigting, non-enhanced) na lisensiya sa pagmamaneho sa WA, ID card, at permit sa pag-aaral ay mamarkahan ng “Nalalapat ang Mga Pederal na Limitasyon” para isaad na hindi valid ang mga ito para sa pederal na pagkakakilanlan. Maaari mong patuloy na gamitin ang iyong namarkahan o hindi namarkahang card para sa pagsakay sa mga eroplano at pag-access sa mga secure na pederal na pasilidad na hindi nangangailangan ng dokumentong sumusunod sa REAL ID hanggang Mayo 5, 2025.

May mga karagdagang dokumentong kinakailangan para makakuha ng EDL o EID. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang website namin sa: [www.dol.wa.gov](http://www.dol.wa.gov)



Ang mga taong nangangailangan ng access sa mga programa at serbisyo ng DOL ay dapat makipag-ugnayan sa **(360) 902-3900**, o 711 relay para sa mga taong Bingi at Hirap Makarinig. O makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email sa [ada@dol.wa.gov](mailto:ada@dol.wa.gov).

DLE-520-451 (R/04/23)H

## MGA KINAKAILANGAN SA PAGKAKAKILANLAN



WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF  
**LICENSING**

[dol.wa.gov](http://dol.wa.gov)